

## WARM-UP

- Gumagamit ka ba ng *planner*? Bakit oo o bakit hindi?
- Balikan ang isang pagkakataong hindi mo sinunod ang mga magulang mo o ang nakatatanda sa iyo at kinailangan mong harapin ang naging epekto ng desisyong ito. Ikuwento ang nangyari.
- Ano ang isang patakarang kinalakihan mo na naintindihan at pinahalagahan mo lamang noong mas matanda ka na?

**WORD** *7“Kaya isipin ninyo ang mga nangyayari sa inyo. 8Ngayon, umakyat kayo sa bundok at kumuha ng mga kahoy, at itayo ninyong muli ang templo. Sa ganitong paraan, masisiyahan ako at mapaparangalan. Ako, ang PANGINOON, ang nagsasabi nito.” HAGEO 1:7-8*

(Basahin din ang **HAGEO 1:1-6, 9-15.**)

Noong isinulat ang aklat ni Hageo, labing-walong taon na ang nakalipas mula nang makabalik ang mga Israelita mula sa pagkakabihag nila sa Babilonia. Noong mga panahong ito, inuna nila ang pagsasa-ayos ng kanilang buhay at ng anumang natira sa bayan ng Jerusalem. Subalit nanatiling wasak ang templo ng Diyos. Sa pamamagitan ni Hageo, isa sa mga propeta, tinawag ng Diyos ang Kanyang mga mamamayan na unahin ang pagtatayo ng templo bago ang mga tahanan nila. Sa araw na ito, titingnan natin ang tatlong aral na matututunan natin mula kay Hageo tungkol sa pag-una sa Diyos.

**1**

## **Kapag ang Diyos ay nagsalita sa Kanyang mga mamamayan, dapat silang tumugon sa Kanya.**

*<sup>1</sup>Noong unang araw ng ikaanim na buwan, nang ikalawang taon ng paghahari ni Darius sa Persia, may sinabi ang PANGINOON kina Zerubabel at Josue sa pamamagitan ni Propeta Hageo. Si Zerubabel na anak ni Shealtiel ang gobernador ng Juda, at si Josue na anak ni Jehozadak ang punong pari. <sup>2-3</sup>Ito ang sinabi ng PANGINOONG Makapangyarihan sa pamamagitan ni Propeta Hageo, "Sinasabi ninyo na hindi pa ito ang panahon upang muling itayo ang aking templo." HAGEO 1:1-3*

Bumalik ang mga Israelita sa kanilang lupain at naging abala sa pagtatayo ng mga bahay nila. Nang dumating ang salita ng Diyos kay Hageo, ito ay nagsilbing babala. Hindi lamang nagtatayo ng bahay ang mga Israelita; labis ang nilalaan nilang panahon at salapi sa kanilang *magagandang bahay* (Hageo 1:4). Binabalak nilang itayo ang templo ng Diyos pero hindi ito ang nangunguna sa mga puso nila at sinasabi nilang *hindi pa ito ang panahon upang muling itayo ang templo ng Diyos*. Ipinaalala sa kanila ng Diyos ang tungkol sa Kanyang templo sa pamamagitan ni Hageo. Sina Zerubabel at Joshua, ang mga pinuno ng mga Israelita, ay gumawa din ng tamang hakbang at nakinig sa salita ng Diyos na ibinigay Niya sa pamamagitan ni Hageo. Tulad nito, kapag tinawag ng Diyos ang ating atensyon, dapat tayong tumugon sa Kanya. Ang isa sa mga ginagamit ng Diyos upang mangusap sa atin ay ang Kanyang salita—ang Bibliya. Paano nangungusap sa iyo ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang salita? Bakit mahalagang basahin at pag-aralan ang Kanyang salita araw-araw?

**2**

## **Kapag inuna ng mamamayan ng Diyos ang pansarili nilang kapakanan bago ang Diyos, walang saysay ang kanilang mga ginagawa.**

*<sup>5</sup>"Isipin ninyo ang mga nangyayari sa inyo. <sup>6</sup>Marami ang inihasik ninyo, pero kakaunti ang inyong ani. May pagkain nga kayo, pero kulang. May inumin nga kayo, pero hindi rin sapat. May damit kayo, pero giniginaw pa rin kayo. At may tinatanggap kayong sweldo, pero kulang pa rin." HAGEO 1:5-6*

(Basahin din ang **HAGEO 1:9-11**.)

Ngayong tinawag ng Diyos ang pansin ng mga Israelita sa pagpapatayo nila ng kanilang mga bahay, ipinakita rin Niya na kahit pa labis-labis ang kanilang pagtatrabaho, hindi nila nakakamit ang buong bunga ng pinaghirapan nila. Ipinaliwanag niya na dahil ito sa pag-una nila sa kanilang pansariling kapakanan bago ang sa Diyos. Nagiging balakid ang pansarili nilang seguridad at prayoridad. Itinuturo ng Diyos sa mga Israelita ang isang pangunahing katotohanan: ang pinakamabuti para sa atin ay matatagpuan lamang sa Kanya. Kung uunahin natin ang Diyos, matutugunan ang mga pangangailangan natin. Habang sinusunod natin ang mga plano ng Diyos, nasa atin ang pagpapala at biyayang nagmumula sa Kanya. Paano pinapagtibay ng Mateo 6:33 ang katotohanang ito?

---

3

### **Kapag nagsisi ang mamamayan ng Diyos at inuna ang Kanyang kaharian, madarama nila ang Kanyang presensya.**

*Sinabi ni Hageo na sugo ng PANGINOON sa mga Israelita, "Sinasabi ng PANGINOON na kasama ninyo siya." HAGEO 1:13*

Nang nangusap ang Diyos sa pamamagitan ni Haggai, sinunod nina Zerubabel at Josue *ang sinabi ng PANGINOON* at ipinakita nila ang kanilang paggalang sa PANGINOON. Kinilala ng Diyos ang kanilang pagsunod at tiniyak Niya na kasama nila ang Kanyang presensya. Sinabi ni Hageo na *kasama ninyo Siya*. Nang sumunod ang mga tao sa Diyos, Siya mismo ang nagpalakas ng kanilang loob (Hageo 1:14) para gawin ang ipinapagawa Niya. Kapag sumusunod tayo ayon sa kalooban ng Diyos, tinutulungan Niya tayong magawa ang nais Niya. Bilang mananampalataya, tinawag tayong maglingkod sa kaharian ng Diyos. Paano tayo maaaring makibahagi sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa kasalukuyan?

---

---

## APPLICATION

- Kung hindi ka naglalaan ng panahon para makinig sa Diyos, ano ang mga paraan para masimulan mo ito ngayon?
- May mga bahagi ba sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos na tinatanggihan mo at sinasabing “huwag muna”? Ipanalangin na ipakita ng Diyos sa iyo ang mga ito ngayong linggo at hingin ang kakayahang sundin ang tinig Niya.
- May mga panahon bang inuuna mo ang pansarili mong kapakanan bago ang pagtatatag ng kaharian ng Diyos? Ano ang magiging tugon mo rito? Paano mo mapaglilingkuran ang layunin ng kaharian ng Diyos araw-araw?

## PRAYER

- Magpasalamat sa Diyos dahil nangungusap Siya sa iyo sa pamamagitan ng Kanyang Salita at mga tao sa buhay mo. Ipanalangin na maging bukas ang puso mo upang marinig mo Siya nang malinaw at masunod mo ang kalooban Niya.
- Hingin sa Diyos ang kakayahang unahin ang kaharian Niya bago ang sarili mong kapakanan.
- Ipanalangin na ipakita sa iyo ng Diyos ang mga paraan upang patuloy kang makatulong sa pagtatatag ng Kanyang kaharian saan ka man Niya nilagay at tinawag upang maglingkod.



**VICTORY**

Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ng Kasulatan ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®  
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa  
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®  
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng materyal: Ruth Gloria, Madel Vanguardia

victory.org.ph